This VIS translation is out of date. When you give your patient this translation, also give them the up-to-date English version of it.
To get both, and to find out what was updated, go to www.immunize.org/vis

IMM 509ML

MGA BAKUNA LABAN SA DIPTERYA TETANO at PERTUSIS

ANG DAPAT NINYONG MALAMAN

1 Bakit kailangang magpabakuna?

Ang dipterya, tetano, at pertusis ay malulubhang sakit na sanhi ng bacteria. Ang dipterya at pertusis ay kumakalat sa mga tao. Ang tetano ay pumapasok sa katawan sa pamamagitan ng mga hiwa o sugat.

Ang **DIPTERYA** ay nagiging sanhi ng makapal na balot sa likod ng lalamunan.

- Ito ay maaaring humantong sa mga problema sa paghinga, pagkalumpo, hindi pagganap ng puso, at maging ng kamatayan.

Ang **TETANO (Paninigas ng Panga)** ay nagiging sanhi ng masakit na paghihigpit ng mga kalamnan, karaniwang sa buong katawan.

- Ito ay maaaring humantong sa "paninigas" ng panga kaya hindi maibubuka ng biktima ang kanyang bibig o hindi makakalunok. Ang tetano ay humahantong sa kamatayan sa humigit-kumulang sa isa sa 10 kaso.

Ang **PERTUSIS (Dalahit na Ubo)** ay nagiging sanhi ng mga ihit ng pag-ubo na nagiging mahirap para sa mga sanggol na kumain, uminom, o huminga. Ang mga pag-ubo ay tumatagal ng mga linggo.

- Ito ay maaaring humantong sa pulmunya, mga atake (mga sumpong ng pag-alog at pagtitig), pinsala sa utak, at kamatayan.

Ang bakunang dipterya, tetano, at pertusis (DTaP) ay nakakatulong na mapigilan ang mga sakit na ito. Karamihan sa mga batang binakunahan ng DTaP ay magkakaroon ng proteksiyon sa buong kabataan. Mas marami pang bata ang magkakaroon ng sakit na ito kung ititigil natin ang pagbakuna.

Ang DTaP ay mas ligtas na bersiyon ng mas naunang bakuna na tinatawag na DTP. Ang DTP ay hindi na ginagamit sa Estados Unidos.

2 Sino ang dapat tumanggap ng bakunang DTaP at kailan?

Ang **mga bata** ay dapat tumanggap ng 5 dosis ng bakunang DtaP, isang dosis sa bawat sumusunod na edad:

✓ 2 buwan ✓ 4 na buwan ✓ 6 na buwan
✓ 15-18 buwan ✓ 4-6 na taon

Ang DTaP ay maaaring ibigay kasabay ng ibang mga bakuna.

3 May mga bata na hindi dapat tumanggap ng bakunang DTaP o dapat maghintay

- Ang mga batang may magaan na karamdaman, tulad ng sipon, ay maaaring bakunahan. Pero ang mga batang may kainaman o malalang karamdaman ay karaniwang dapat maghintay hanggang sa gumaling bago tumanggap ng bakunang DTaP.
- Sinumang bata na nanganib na ang buhay sa reaksiyong alerhiya pagkatapos ng isang dosis ng DTaP ay hindi dapat tumanggap ng isa pang dosis.
- Sinumang bata na nagdanas ng sakit sa utak o nervous system sa loob ng 7 araw pagkatapos ng isang dosis ng DTaP ay hindi dapat tumanggap ng isa pang dosis.
- Kausapin ang inyong doktor kung ang iyong anak ay:
  - inatake o hinimatay pagkatapos ng isang dosis ng DTaP.
  - umiyak nang walang tigil hanggang 3 oras o higit pagkatapos ng isang dosis ng DTaP,
  - nagkaroon ng lagnat na higit sa 105°F pagkatapos ng isang dosis ng DTaP.

Magtanong sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan para sa karagdagang impormasyon. Ilan sa mga batang ito ay hindi dapat tumanggap ng isa pang dosis ng bakunang pertusis, pero maaaring tumanggap ng isang bakuna na walang pertusis, tinatawag na **DT**.

4 Mas matatandang bata at mga may sapat na gulang

Ang DTaP ay hindi dapat ibigay sa sinumang 7 taong gulang o mas matanda dahil ang bakunang pertusis ay may lisensiya lamang para sa mga batang wala pang 7 taong gulang.

Pero ang mas matatandang bata, adolesente, at mga may sapat na gulang ay nangangailangan pa rin ng proteksiyon sa tetano at dipterya. Isang dagdag na iniksiyon na tinatawag na **Td** ay inirerekomenda sa 11-12 taong gulang, at saka tuwing 10 taon. May isang hiwalay na Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna para sa bakunang Td.

5 Ano ang mga panganib mula sa bakunang DTaP?

Ang pagkakaroon ng sakit na dipterya, tetano, o pertusis ay mas mapanganib kaysa pagtanggap ng bakunang DTaP.

Gayunman, ang isang bakuna, tulad ng anumang gamot, ay may kakayahang maging sanhi ng malulubhang problema, tulad ng malulubhang reaksiyong alerhiya. Ang panganib na ang bakunang DTaP ay maging sanhi ng malubhang pinsala, o kamatayan, ay labis na maliit.

Mga Banayad na Problema (Pangkaraniwan)

- Lagnat (hanggang humigit-kumulang sa 1 bata sa 4)
- Pamumula o pamamaga kung saan ibinigay ang iniksiyon (hanggang humigit-kumulang sa 1 bata sa 4)
- Pananakit kung saan ibinigay ang iniksiyon (hanggang humigit-kumulang sa 1 bata sa 4)

Ang mga problema ay nagaganap nang mas madalas pagkatapos ng ika-4 at ika-5 dosis ng seryeng DTaP kaysa pagkatapos ng mga naunang dosis. Kung minsan ang ika-4 o ika-5 dosis ng bakunang DTaP ay sinusundan ng pamamaga ng buong braso o binti kung saan ibinigay ang iniksiyon, tumatagal ng 1-7 araw (hanggang humigit-kumulang sa 1 bata sa 30).

Kabilang sa ibang mga banayad na problema ang:

- Pagkamaselan (hanggang humigit-kumulang sa 1 bata sa 3)
- Pagkapagod o kawalan ng ganang kumain (hanggang humigit-kumulang sa 1 bata sa 10)
- Pagsusuka (hanggang humigit-kumulang sa 1 bata sa 50)

Ang mga problemang ito ay pangkaraniwang nagaganap 1-3 araw pagkatapos ng iniksiyon.

Mga Kainamang Problema (Hindi Pangkaraniwan)

- Atake o sumpong (pag-alog o pagtitig) (humigit-kumulang sa 1 bata mula sa 14,000)
- Walang-tigil na pag-iyak, hanggang 3 oras o higit (hanggang humigit-kumulang sa 1 bata mula sa 1,000)
- Mataas na lagnat, higit sa 105°F (humigit-kumulang sa 1 bata mula sa 16,000)

Malulubhang Problema (Bihirang-bihira)

- Malubhang reaksiyong alerhiya (kulang sa 1 mula sa isang milyong dosis)
- Maraming iba pang malulubhang problema ang iniulat pagkatapos ng bakunang DTaP. Kabilang dito ang:
  - Pangmatagalang sumpong, kawalang-malay, o pagbaba ng kamalayan
  - Permanenteng pinsala sa utak.

  Ito ay bihirang-bihira kaya mahirap malaman kung ang mga ito ay sanhi ng bakuna.

Ang pagkontrol ng lagnat ay lalong mahalaga para sa mga batang inatake o sinumpong, sa anumang dahilan. Ito ay mahalaga rin kung ang ibang miyembro ng pamilya ay inatake o sinumpong. Maaari mong bawasan ang lagnat at pananakit sa pamamagitan ng pagbibigay sa iyong anak ng pampawi ng sakit na *walang-aspirina* kapag ibinigay ang iniksiyon, at para sa kasunod na 24 na oras, sinusunod ang mga tagubilin sa pakete.

6 Paano kung may kainaman o malubhang reaksiyon?

Ano ang dapat kong hanapin?

Anumang hindi karaniwang kondisyon, tulad ng malubhang reaksiyong alerhiya, mataas na lagnat, o di-karaniwang kilos. Ang malulubhang reaksiyong alerhiya ay bihirang-bihira sa anumang bakuna. Kung ito man ay mangyari, malamang na maganap ito sa loob ng ilang minuto hanggang ilang oras pagkatapos ng iniksiyon. Kabilang sa mga palatandaan ang paghihirap huminga, pamamaos o paghuni, pamamantal, pamumutla, panghihina, mabilis na tibok ng puso o pagkahilo. Kung mangyari man ang mataas na lagnat o atake, ito ay karaniwang sa loob ng isang linggo pagkatapos ng iniksiyon.

Ano ang dapat kong gawin?

- Tumawag ng doktor o dalhin kaagad ang tao sa doktor.
- Sabihin sa doktor kung ano ang nangyari, ang petsa at oras na nangyari ito, at kung kailan ibinigay ang bakuna.
- Sabihin sa iyong doktor, nars, o kagawaran ng kalusugan na magharap ng form ng Sistema sa Pag-uulat ng Masamang Pangyayari sa Bakuna (Vaccine Adverse Event Reporting System, VAERS) o ikaw mismo ang tumawag sa VAERS sa **1-800-822-7967**.

7 Ang Pambansang Programa sa Pagbabayad ng Pinsala ng Bakuna (National Vaccine Injury Compensation Program)

Sa bihirang pagkakataon na ikaw o ang iyong anak ay nagkaroon ng malubhang reaksiyon sa isang bakuna, isang pederal na programa ang nilikha upang matulungan kayong bayaran ang pangangalaga ng mga napinsala.

Para sa detalye tungkol sa National Vaccine Injury Compensation Program, tumawag sa **1-800-338-2382** o bisitahin ang website ng programa sa **http://www.hrsa.gov/bhpr/vicp**

8 Paano ako makakakuha ng iba pang kaalaman?

- Magtanong sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan. Sila ay makakapagbigay sa iyo ng inilalakip na pakete ukol sa bakuna o makakapagmungkahi ng ibang mga mapagkukunan ng impormasyon.
- Tawagan ang programa sa imyunisasyon ng inyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Kontakin ang Mga Sentro sa Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC):
  - **Call 1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)**
  - Bisitahin ang website ng Pambansang Programa sa Imyunisasyon sa **http://www.cdc.gov/nip**

U.S. DEPARTMENT OF HEALTH & HUMAN SERVICES
Centers for Disease Control and Prevention
National Immunization Program

Vaccine Information Statement
DTaP IMM 509 - Tagalog (7/30/01) 42 U.S.C. § 300aa-26
Translated by Transcend Translations, Davis, CA
http://www.transcend.net